



## Mga Estudyante ng Sibolo Hinandugan ng Kagamitang Pang-Eskwela

ni Rachele Ann Lauricio

Pinagkalooban ng mga kawani ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) ng kagamitang pang-eskwela, bag at sapatos ang 147 mag-aaral at pitong guro ng Sibolo Elementary School sa isla ng Sibolo, Caluya, Antique noong ika-7 ng Hulyo.

Ayon kay Bernard Cadigal, *Social Development Program Officer*, ang pondo ay nalikom mula sa boluntrayong kontribusyon ng mga empleyado para sa pagbabalik-eskwela ng mga bata.

"Nagsimula lang ito sa isang ideya ng tatlong empleyado na naging malawakang donasyon ng buong empleyado ng SMPC," ani Cadigal. Ang pondo na may kabuuang Php 90,000 halaga ay pinag-ambagan ng mga *truck drivers, utility personnel, engineers, division managers* at ni *President and COO Maria Cristina Consunji-Gotianun* na tumugon sa pagtulong na mapabuti ang kalagayan



ng mga pamayanang katuwang ng Kompanya.

Dinaluhan ang programa ng mga lokal na opisyal sa pangunguna ni Punong Barangay Edwin Eguillon, mga opisyal ng *Parent-Teacher Association* at *barangay health workers*.

Nagdaos din ang *Environment Unit* ng oryentasyon tungkol sa *basic solid waste management* para sa mga lumahok at nagbigay ng 30 basurahan.



Taos-pusong pinasalamatan ni Windy Marie Eguillon, pangulo ng konseho ng mga mag-aaral, ang mga empleyado sa kanilang kabutihang-loob na mapagyman ang kanilang edukasyon.

"Lubos na makatutulong sa amin ang mga ipinagkaloob ninyo upang mas lalo naming hubugin ang aming kaalaman at kakayahan nang maging mabuting mag-aaral at mamamayan kami ng Sibolo," aniya.

## Malawakang Paglilinis ng Dalampasigan Pinangunahan ng SMPC

ni Rachele Ann Lauricio

Daan-daang kawani ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) ang tumugon sa paglilinis ng dalampasigan sa Sitio Banwa sa Barangay Semirara, Caluya, Antique noong ika-8 ng Hunyo bilang pakikiisa sa paggunita sa Araw ng mga Karagatan.

Gamit ang mga ginawang pamulot at kalaykay, ang mga boluntaryo ay nakalikom ng 2.4 metrong tonelada o 62 sako ng basura na karamihan ay *single-use plastics at microplastics*, kagamitang pangisda at damong-dagat.

Pinasalamatan ni Vicente Malig, *Administrative Division Manager for Core Mining* ng SMPC, ang mga kawani at residente ng sitio sa kanilang pakikilahok sa gawain.



Nakiisa ang mga kawani ng SMPC sa paggunita sa Araw ng mga Karagatan.

"Isang maliit na lugar lamang tayo sa isang sulok ng mundo, ngunit kung ang iba't ibang grupo ay nagkakaisa sa paglilinis ng kanilang dalampasigan, malaking kontribusyon ito para panatilihin buhay ang dagat," ani Malig. Bilang katapatan, lumagda

ang mga lumahok sa *pledge tarpaulin* na ikinabit sa *barangay hall*. Tinuruan din ang mga residente tungkol sa masamang dulot ng *plastic pollution* sa mga tao at mga lamang dagat, pati na rin ang kahalagan ng wastong pagtatapon ng basura.

Ipinamahagi naman ni Engr. Al Jareol ng *Environmental Unit* ang isang *set* ng resiklong basurahan para gamitin sa *barangay hall*.

Pinasalamatan naman ni Barangay Kagawad Jimmy Aranda ang SMPC para sa kanilang gawaing pangkalikasan at umaasang magsilbing ehemplo ito sa mga mamamayan.



Nagtulungan ang mga kawani ng SMPC at barangay volunteer sa paglilinis ng Banwa Coast.



ni Rafael Antonio

## SMPC Inilunsad ang Progresibong Rehabilitasyon ng Panian



Wala pang dalawang taon ay nakumpleto na ng SMPC ang pagtatambak ng lupa sa katimugang bahagi ng minahan sa Panian at kasalukuyang nakatuon sa ganap na rehabilitasyon nito.

Umani ng papuri ang nasabing tagumpay mula kay Usec. Donato Marcos ng Department of Energy (DOE) na siya rin nagpatotoo sa katapatan ng Kompanya sa pangangalaga ng kalikasan.

"Narapat ang rehabilitasyon ng mga minahan upang muling mapakinabangan nang mainam ang naminang lupa. Dito sa Semirara, ipapakita natin na mayroong responsableng pagmimina," ani Marcos sa seremonya ng pagtatanim ng mga puno noong ika-9 ng Setyembre.

Ayon kay Marcos, inaasahang magsisilbing ehemplo ang pinabilis na rehabilitasyon ng Panian upang matigil ang paga-abandona sa mga minahan na bunga ng kawalan ng planong pang-rehabilitasyon.

"Prayoridad natin ang pangangalaga ng kalikasan, kahit ilang pagsubok pa ang ating harapin sa ating negosyo. Magpapatuloy tayo sa pagkamit ng pagpapanatili ng kinabukasan ng mga mamamayan at ng lipunan," ani Maria Cristina Consunji-Gotianun, *President* at *Chief Operating Officer* ng SMPC.

Sa naturang pagtitipon, tig-dalawang pares ng *spotted doves* at *emerald doves* ang pinakawalan sa himpapawid, bilang simbolo ng pagpapanumbalik ng *biodiversity* ng Panian sa hinaharap.

Kalauna'y magpapakawala rin ng iba pang mga endemikong ibon sa Panian sa paglaki at pagyabong ng mga itinanim na puno, ayon kay Pavel Hospodarsky, kasangguni ng *Semirara Biodiversity Conservation Center*.

Ilan sa mga panauhing lumahok sa aktibidad ay sina Genevieve Lim-Reyes, Bise-Alkalde ng Caluya; mga Punong Barangay Catherine Lim-Tahum ng Semirara, Romeo Malixi ng Tinogboc, at Modesta Pionelo ng Alegria; at ang kani-kanilang mga konseho.

Noong Disyembre 2017, ipinag-utos ng DOE na bilisan ang pagtatambak sa nasabing minahan upang magsilbing modelo sa pag-rehabilitasyon ng mga *open mine* sa bansa.

(sundan sa pahina 8)

## Editorial Team:

### Editorial Adviser:

Engr. Ruben Lozada

### Editor In Chief:

Vicente Cesar Malig

### Managing Editor:

Rachelle Ann Lauricio

### Associate Editor:

Rafael Antonio

### Section Editors:

Justine Balbin  
Bernard Cadigal  
Ben Serna Lawangon  
Catherine Lim-Tahum  
Romeo Malixi  
Annaliza Patingan, RN  
Modesta Pionela  
Almar Valdemar

### Contributors:

Flor Camposano  
Josephine Romero  
Marshan Tahum

### Photo Contributors:

Loren Anciro  
Michael Floyd Camposano  
Rachelle Ann Lauricio  
Divine World School of  
Semirara Island, Inc.  
Social Development  
Planning Office



## Mensahe Mula sa Editor-in-Chief

Para sa amin na nagtatrabaho sa industriya ng pagmimina, ang 'Conveyor' ay isang napakahalagang kagamitan. Madali nitong inililipat ang aming produkto mula sa minahan patungo sa pantalan para maipadala ito sa aming mga tagapagtangkilik, lokal man o internasyonal.

Samakatuwid, nararapat lamang na pangalanan ang pahayagang ito bilang 'Conveyor' dahil ihahatid nito ang mga makabuluhang balita para sa aming mga katuwang sa negosyo. Sa ganitong pamamaraan, magiging mas maalam at aktibo sila sa paglahok sa mga inisyatibong sosyoekonomik, pangkalikasan at pangkultural ng Kompanya dito sa isla.

Sa pamamagitan ng mga komprehensibong kwento na sinulat ng aming mga empleyado, mga kaanib ng lokal na yunit ng gobyerno, paaralan, at iba pang mga lokal na pangkat-sibiko, naniniwala kami na ang lathalaing ito ay magiging imbakan ng mga nakapupukaw at nakapanghihimok na mensahe na siyang mapagkukunan ng pag-asa at maipagmamalaki ng bawat Semiraranhon.

Nawa'y ang pahayagang pampamayanan na ito ay maging isang tunay na testamento ng ating sama-samang pagsisikap sa pagpapanatili ng inklusibong pag-unlad at walang hanggang kapayapaan sa isla ng Semirara.

Maraming Salamat!

**Vicente Cesar V. Malig**

Editor-in-Chief/Administrative Division Manager for Core Mining

## Mensahe Mula sa Resident Manager

Malugod kong binabati ang *Editorial Team* ng 'Conveyor' sa kanilang pangunguna sa pagkakaroon ng pahayagang pampamayanan dito sa isla ng Semirara.

Sa pamamagitan ng lathalaing ito, mas epektibo naming maipababatid sa mga mamamayan ang mga programa ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) patungkol sa pangangalaga sa kapaligiran at pagpapaulad ng lipunan.

Itatampok din dito ang mga proyektong inilunsad ng mga Sangguniang Barangay ng Semirara, Tinogboc at Alegria, kabilang ang mga gawaing sinusuportahan ng SMPC.

Tulad ng 'Conveyor,' nawa'y maging instrumento ang pahayagang ito sa pagpapatibay ng mabuting ugnayan ng SMPC sa mga komunidad at mga mamamayan nito. Sa ating pagkakaisa mas makakamit natin ang tagumpay na para sa lahat.

Lubos kaming umaasa sa inyong suporta para sa mas masagana at matatag na Semirara!

**Engr. Ruben P. Lozada**

Vice President-Mining Operations at Resident Manager

## Komunidad



ni Josephine Romero

Ang pagbabasa ay haligi ng pagkatuto. Kaya naman ang tamang pamamaraan ng pagsasagawa nito ay mainam na ituro habang bata pa.

Ito ang pangunahing prinsipyo ng *A Bookworm's Camp* (ABCamp), isang *reading camp* tuwing bakasyon na naglalayong mapaunlad at itaas ang antas ng kasanayan sa pagbabasa ng mga bata na may edad mababa sa 7 taon.

Mula sa unang 109 kalahok na galing sa Divine World School of Semirara Island, Inc., (DWSSII) kasama ang kanilang walong guro na nangasiwa noong 2016, pinalawak ito upang isali ang mga mag-aaral mula sa *Day Care Centers* (DCC) sa isla. Nagbigay tulong din ang mga guro sa DCC at ang mga lokal na pamahalaan upang suportahan ang programa. Simula noon, higit 500 bata na ang nakasalali sa ABCamp.

Ang mga aktibidad sa ABCamp ay binubuo ng mga pagbabasa ng mga kwento, awiting pambata at liriko mula sa mga *animated* na kanta.

Palagiang isinasagawa ang pagsuri sa pagsasalita at pagsusulat ng mga kalahok upang masabaybayan ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagbigkas ng mga titik, salita at pangungusap; pagsunod sa mga tagubilin; pagkilala ng mga simbolo; at pakikipagtalastasan.

## ABCamp: Masaya Magbasa!



Ang mga kalahok ay sumasailalim sa *pre-assessment sessions* upang matukoy ang kanilang mga pangangailangan sa pagbasa pati na rin ang mga *skills set* na kailangan upang mapaunlad ang mga personalidad ng mga bata.

Sa *post-assessment*, tinutukoy ang mga aspeto na maaari pang pag-ibayuhin ng mga bata. Ang mga resulta ay ginagamit sa lalong ikabubuti ng implementasyon ng programa.

Pangunahing tampok sa ABCamp ay ang aktibidad na tinatawag na "*Fridates*" (o "*Saturdates*"), kung saan ipinakilala ng mga kalahok ang kanilang bagong mga natutunan sa nagdaang linggo.

Para sa huling araw, bawat kalahok ay magpapamalas sa entablado ng kanilang bagong kasanayan sa pagbigkas, pagbasa, pag-awit,

pagsayaw o pag-arte. Bawat isa'y makatatanggap ng katibayan ng paglahok at isang libro bilang munting regalo.

Patuloy na nililina ng ABCamp ang programa sa pamamagitan ng kolektibong katugunan mula sa mga guro, magulang, pinuno ng komunidad, mga opisyal ng LGU, mga opisyal ng SMPC at ang ibang konektadong sektor. Sa katunayan, inilakip ang pamantayan ng programa sa *grade school curriculum* ng DWSSII para sa pagpapanatili nito.

"Tuwing nababalitaan namin na maraming bata ang natututong bumasa dahil sa ABCamp, lalong nagaganyak ang SMPC na mas makatulong sa lalong ikauunlad ng edukasyon at kapakanan ng mga kabataan sa Semirara," ani Vicente Cesar Malig, SMPC *Administrative Division Manager* for Core Mining.



## Pagpupunyagi sa Haligi ng SMPC

ni Br. Hubertus Guru, SVD



Para sa mga Semiraranhon, ang mga pamana ni Victor A. Consunji (VAC) ay magsisilbing alaala na laging magpursigi sa buhay at bukas-palad na tumulong sa kapwa.

Halos pitong buwan mula ng kaniyang pagpanaw, si VAC ay hinandugan ng isang rebulto sa Divine Word School of Semirara Island, Inc. (DWSSII) bilang paggunita sa kaniyang 'di matatawarang mga naiambag sa paaralan.

Sa seremonya ng pag-aalis ng tabing noong ika-10 ng Hulyo, ginunita ni Br. Hubertus Guru, SVD, Direktor ng DWSSII, ang dedikasyon ni VAC na pagyamanin ang edukasyon ng mga mag-aaral at masiguro ang mabuting kapakanan pati ng mga guro, mga kawani at ang kani-kanilang mga pamilya.

Aniya, ang rebulto ay simbolo ng pasasalamat ng DWSSII kay VAC sa kaniyang malasakit, pagmamahal at katapatan sa paaralan.

Pinangunahan ni SMPC Board Director Josefa Consunji-Reyes (JCR) ang pagputol ng laso, sa tulong nina SMPC Administrative Division Manager for Core Mining Vicente Cesar Malig at Social Development Officer Bernard Cadigal. Dumalo rin sa pagtitipon si Genevieve Lim-Reyes, Bise-Alkalde ng Caluya.



Kinomisyon ni Guru ang mga eskultor mula sa Laguna para sa naturang proyekto. Ang dalawang rebulto (ang isa ay inihandog kay St. Arnold Janssen, tagapagtatag ng Divine Word Missionaries) ay inilagay sa istrategikong bahagi ng paaralan.

Sa kaniyang makabuluhang mensahe, inilahad ni P. Eliseo Yyance, SVD and mga katagang iniugnay kay VAC, tulad ng *harbinger of prayers, icon of leadership at man of focus and discipline.*

Sa ngalan ng Pamilya Consunji, pinasalamatang ni JCR ang komunidad ng DWSSII sa pagpapanatili ng alaala ng kaniyang nakababatang kapatid. Hinimok din ni Reyes ang mga mag-aaral na magpursigi sa kanilang pag-aaral at hinikayat ang mga guro na kumuha ng *post-graduate degrees* upang mapanatili ang mataas na kalidad ng paaralan.

## Komunidad



### Mensahe ni Kgg. Modesta Pionelo Punong Barangay ng Alegria

Malugod na pagbati sa mga kawani ng "Conveyor" at sa mga mambabasa nito. Sa wakas ay mayroon na tayong paraan ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga nagaganap sa ating barangay para sa ating mga mamamayan. Hinihiling ko sa mga Semiraranhon na suportahan ang "Conveyor" dahil ito ang magsisilbing lokal na pahayagan sa ating isla.

Salamat at Mabuhay ang Isla ng Semirara!



### Mensahe ni Kgg. Catherine Lim-Tahum Punong Barangay ng Semirara

Isang karangalan na maihatid ko ang taos-pusong pagbati sa mga mambabasa ng unang isyu ng "Conveyor" ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC).

Ang lathalaing ito ng SMPC ay mapagkukunan ng maraming impormasyon tungkol sa ating komunidad at magsisilbing isang nasasalat na talaan na maaaring magamit ng iba't ibang mga kasosoyo, maging ng mga karatig-barangay sa Isla ng Semirara.

Dagdag pa rito, ang pahayagang ito ay hindi lamang magtatala ng kumpletong kalagayan ng komunidad kundi ang mas mahalaga, magbibigay ito ng gabay para sa pagbabalangkas ng SMPC at mga barangay patungo sa isang mas responsable at mahusay na Isla na tutugon sa higit na kabutihan ng nakararami.

Sa ngalan ng konseho ng Barangay Local Government Unit ng Semirara (BLGU-Semirara), nais kong batiin ang pamamahala at kawani ng Semirara Mining and Power Corporation para sa publikasyong ito.

Maraming Salamat po at Mabuhay tayong lahat!



### Mensahe ni Kgg. Romeo Malixi Punong Barangay ng Tinogboc

Pagbati sa ating mga mambabasa ng pinakaunang pahayagang pampamayanan dito sa isla. Pagbati rin sa mga nanguna upang maisakatuparan ang proyektong ito na ang layunin ay maghatid sa atin ng mga kalinawan patungkol sa minahan at sa pagpapabatid at pagpaparating ng mga mensahe sa barangay at sa mga mamamayan.

Suportahan natin ang pahayagang ito at nawa'y kapulutan natin ito ng tama at makabuluhang mga impormasyon. Malugod akong nagpapasalamat dahil sa ganitong kaparaanan ay ating makakamit ang tuluy-tuloy na paglago at pag-asenso ng ating pamayanan.

Maraming Salamat at Mabuhay tayong lahat!



## Abot-kaya at Makakalikasang Pangingisda sa Isla ng Semirara

ni Bernard M. Cadigal

Sa pangingisda kumukuha ng pantustos si Anthony dela Cruz, 45, sa nakalipas na 30 taon. Bilang ama sa anim na anak, matinding sakripisyo para sa kaniya na maitawid ang bawat araw dahil nakasalalay sa dami ng huli ang kaniyang kita.

Ayon naman kay Richard Roldan, 44, ang mga maliliit na mangingisdang tulad niya ay pumapalaot nang malayo upang makarami, ngunit kadalasa'y nauwi sa kakarampot na huli.

Ngunit matapos magpalaot ang Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) ng 12 payao sa karagatan ng Semirara, dumami ang huli ng mga mangingisdang Semiraranhon habang hindi nakapipinsala sa yamang dagat.

"Dahil sa payao, mayroon na kaming takdang lugar kung saan makatitayak kami ng magandang huli, kaya makakatipid din kami sa oras at gastos," ani Dela Cruz.

Inaakit ng payao ang mga isda at iba pang lamang-dagat upang mapalago ang bilang nito sa lugar na kinalalagyan nito.

Gawa ito sa mga resiklong materyales tulad ng mga lumang gulong ng motorsiklo, bakal na kable at lumang drum na pinunuan ng konkreto. Ang habong ay magsisilbing artipisyal na bahura para sa mga maliliit na isda, na kalauna'y magsisilbing pagkain ng mas malalaking isda at ibang lamang-dagat.

Sa ganitong pamamaraan, makahuhuli pa rin ng isda gamit ang pamingwit nang maiwasang makuha ang maliliit na isda. Maiwasan din ang pangingisda

malapit sa baybayin nang sa gayon ay hindi magambala ang pagpaparami ng mga lamang dagat.

"Kapag naparami gamit ng payao ang huli ng mga maliliit mangingisda, mapapataas ang suplay at mapa-

pababa ang presyo ng isda sa merkado, at mababawasan din ang pag-angat ng iba pang pagkaing dagat mula sa karatig na mga isla at lalawigan," ani Bernard Cadigal, *Social Development Program Officer.*



Sinimulang ipalaot sa karagatan ang 12 payao noong buwan ng Marso hanggang Abril.



Ang habong ay magsisilbing artipisyal na bahura para sa mga maliliit na isda.

## Komunidad

## Komunidad

(mula sa pahina 12) ...Pamana ni VAC

Hindi ko pa siya kilala noon at naririnig ko lamang ang kaniyang pangalan mula sa mga manggagawa. Nang magkamayan kami, nakaramdam ako ng kakaiba—parang hulog siya ng langit para sa paaralan!

Matapos ko siyang samahan sa pagsisiyasat sa aming paaralan, pinayuhan niya akong magsulat ng isang kahilingan sa SMPC para sa kabuuang pagsasaayos ng mga nasirang silid-aralan. "Kahit hindi po ako *principal, Sir?*," sambit ko. Ngumiti siya at sumagot, "Wala 'yan sa posisyon, basta kinakailangan." Dagdag pa niya, "Isama mo na *ma'am* ang *covered court* upang magamit ito ng mga mag-aaral para sa kanilang mga aktibidad."

Isang linggo matapos kong ipadala ang liham, inihatid ng SMPC ang mga materyales sa konstruksyon at sinimulan ang pag-aayos ng mga silid-aralan, kasabay ang pagtatayo ng dalawang bagong gusali ng paaralan at isang *covered court*.

Nang muling bumisita si Sir VAC upang suriin ang konstruksyon, napansin niya na mayroon lamang kaming tig-isang palikuran para sa lalaki at babae. Kaya



Naghandog ng computer units ang SMPC sa TNHS upang mapagbuti ang edukasyon ng mga mag-aaral nito.

naman ipinag-utos niya ang pagdaragdag nito. "Kailangang mayroong sapat na palikuran para sa mga mag-aaral upang mapanatili ang pansariling kalinisan," sabi niya sa akin.

Dumating ang isa pang sasakyan ng kompanya, lulan ang 32 *wall fans*, 30 *computer units* at 2 *air conditioning*

*units!* Walang masidlan ang aking pasasalamat kay VAC. "Thank you, Lord! Bumaba ka dito sa lupa sa pamamagitan ni Sir VAC!"

Matapos ang huling pagbisita ni VAC, sa wakas ay makakatulog na ako nang mahimbing. Kahit natapos na ang konstruksyon, sinisiguro pa rin ng mga empleyado ng SMPC ang aming kalagayan upang alamin ang karagdagan tulong na maipapaabot nila sa amin.

Lahat kami ay sobrang nalungkot sa pagkawala ni Sir VAC. Dahil sa kaniyang kabutihang-loob, gumanda ang aming paaralan. Habang-buhay namin siyang pasasalamatan.

Para sa akin, si Ginoong VAC ay isang taong may mapagbigay na puso. Ang kaniyang mga pamana ay mananatiling buhay sa aming lahat, lalo na sa mga kabataan na itinaguyod niya ang magandang kinabukasan sa pamamagitan ng edukasyon. Maaaring hindi ko mahanap ang perpektong mga salita upang mapasaya siya, ngunit alam kong ang aking simpleng pasasalamat ay nagpapasaya sa kaniyang puso.



Pagpapatayo ng bagong TNHS Gymnasium

## Pamana ni VAC sa Paaralan ng Tinogboc

ni Flor Camposano

Nagsimula akong magturo sa Tinogboc Barangay High School (kasalukuyang TNHS) noong 1981. Ang paaralan namin noon ay gawa sa mga simpleng materyales: kinakalawang na bubong, mga pader na gawa sa pinaglumaang sinturon ng conveyor na ibinigay sa amin ng SMPC, at mga silid na pinaghati-hati ng mga dahon ng niyog.

Makalipas ang ilang taon, ang aming paaralan ay nagkaroon ng walong kongkretong silid-aralan. Gayunpaman, hindi sila naging

angkop sa pag-aaral dahil sa mababang kalidad ng gusali.

Walang mga kisame upang maprotektahan ang mga mag-aaral sa init na sumisingaw sa bubungan, habang ang mga bintana ay natatakpan lamang ng mga kawayan.

Sa paghagupit ng *Supertyphoon Yolanda* noong 2013, ang aming paaralan, sa hindi inaasahang pangyayari, ay nagsilbing *evacuation center* ng aming komunidad. Nasaksihan ko kung paano tinagay ng malakas na hangin ang buong bubungan ng aming paaralan, kaya

lubhang napinsala ang aming silid aklatan at mga *computer units* na ipinagkaloob ng DTI. Balisa kaming mga guro matapos ang delubyo. "Paano kaya ang mga mag-aaral? Tiyak na magsasagawa tayo ng mga klase sa ilalim ng mga puno."

Ilang araw pagkatapos ng kalamidad, nagtungo ang mga manggagawa ng SMPC sa aming paaralan upang magsagawa ng pansamantalang pagkukumpuni. Makalipas ang dalawang linggo, nagulat ako nang bisitahin ni VAC ang aming paaralan.

(sundan sa pahina 12)



Sinuportahan ng SMPC ang pagpapatayo ng bagong gusaling paaralan sa Tinogboc matapos itong hagupitin ng Bagyong Yolanda noong 2013

## Komunidad

## Komunidad



## SMPC Nakiisa sa 'Brigada Eskwela'

ni Rachel Ann Lauricio

Sa kauna-unahang pagkakataon, nakilahok ang Semirara Mining and Power Corporation (SMPC), kasama ang iba't ibang sektor, sa "Brigada Eskwela" noong ika-25 ng Mayo sa Alegria Elementary School at Tinogboc Elementary School sa Isla ng Semirara, Caluya, Antique.

Gumugol ng isang buong araw ang mga kawani ng Kompanya sa pagkukumpuni, pagpipintura at paglilinis ng mga kagamitan at kapaligiran, bukod sa pagkaloob ng mga pintura, brotsa at iba pang kagamitang panlinis.

"Nawa'y ang mga hawak nating walis o martilyo o pamunas ang magbigay-daan upang mas lalo pang ganahang pumasok ang mga mag-aaral dahil ligtas at maayos ang kanilang paaralan," ani Vicente Cesar Malig, *Administrative Division Manager for Core Mining*, sa kaniyang mensahe sa mga naturang paaralan.

Ang *Environment Unit*, sa pangunguna ni *Pollution Control Officer* Engr. Janesto Diaz, ay naglunsad naman ng *basic solid waste management orientation* para sa wastong paggamit ng mga inihandog na basurahan.

Ayon kay Diaz, kabilang sa mga layunin ng SMPC ang mabawasan ang basura sa isla, sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa *reuse, reduce at recycle* sa mga mag-aaral at miyembro ng lipunan.

"Lubos kaming nagpapasalamat sa SMPC sa kanilang donasyon at



Nakiisa ang mga kawani ng Pollution Control Office sa pagpipintura ng mga mesa at upuan

nagagalak din kami dahil ito ang una nilang pagsali sa Brigada Eskwela," ani Ma. Rosalie Abejo, punong-guro ng Tinogboc Elementary School.

Ang Brigada Eskwela ay sinimulang ilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon noong 2003 bilang

paghahanda ilang linggo bago magsimula ang pasukan. Mula sa pagsasagawa ng isang-linggong pagkukumpuni at paglilinis, ang adbokasiyang ito ay nagsilbi ring pagsasanib-puwersa ng mga pampubliko at pribadong sektor upang mapaunlad ang edukasyon sa bansa.



Ang mga empleyado ng SMPC at mga guro ng Alegria Elementary School noong huling araw ng Brigada

**Solar Street Lights sa Isla: Legasiya ng Barangay Semirara**  
ni Catherine Lim-Tahum



Solar Street lights sa Pinagpala Pier.

Handog ng Barangay Semirara Council ang pagpapakabit ng solar street lights bilang pailaw sa mga kalsadang nagdudugtong sa mga barangay ng Semirara, Alegria at Tinogboc sa isla.

Ang pondong ginamit para sa proyektong ito ay mula sa 20 porsyento na electrification funding ng royalty payment ng Semirara Mining and Power Corporation sa Barangay Semirara.

Kasalukuyang 1,310 ilaw na ang naikabit sa buong isla mula nang simulan ang proyekto noong Hunyo 2017. Ito ay upang masigurong maliwanag at ligtas ang dadaanan ng mga tao't sasakyan.

"Pangarap kong maging fully-energized at electrified hindi lamang ang Barangay Semirara pati na rin ang mga karatig naming mga barangay. Kaya naman naisip namin na magkaroon ng solar street lights sa isla. Sa paraang ito, may kuryente man o wala, may ilaw sa isla," ani Catherine Lim-Tahum, Punong Barangay ng Semirara.

Gumugol ang konseho ng mahigit P100 million mula sa pagbili ng mga solar street lights (na nagkakahalaga ng P80,000 bawat isa at may limang-taong warranty) sa Equator Energy Corporation hanggang sa pagkakabit nito.



## Komunidad

### 'One Great Semirara': Ika-4 na Coal Festival Ipinagdiwang

ni Catherine Lim-Tahum



Nagpasiklaban sa street dance competition ang mga mag-aaral mula sa iba't ibang paaralan sa isla

Inilunsad ng Sangguniang Barangay ng Semirara ang pinakaengrandeng pagdiriwang ng Semirara Coal Festival, sa layunin nitong palakasin ang turismo sa isla tungo sa sama-samang pag-unlad ng mga lokal na pamayanan.

Itinampok sa tatlong araw na pagdiriwang noong Agosto 23-25 ang lokal na industriya ng karbon sa isla, na isinabay sa kapistahan ni San Agustin, ang patron ng Barangay Semirara.

Ang selebrasyon na may temang "One Great Semirara" ay idinaos sa pakikipagtulungan ng mga paaralan at mga pangkat-sibiko, at ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) na kabilang sa mga pangunahing isponsor.

"Napili namin ang temang ito upang ipamalas ang kasiyahan, pagmamahalan at pagkakaisa ng mga Semiraranhon. Hindi namin makakamit ang kadakilaang tinatamasa ng buong isla kung hindi dahil sa pagtutulungan ng bawat isa," ani Punong Barangay Catherine Lim-Tahum.

Nagsimula ang pagdiriwang sa pagdaraos ng Banal na Misa sa Our Lady of Guadalupe Parish Church, na dinaluhan ng mga opisyal ng barangay, mga opisyal at kawani ng SMPC, at mga mamamayan.

Sinundan ito ng isang engrandeng parada at kompetisyon sa pagsasayaw sa kalye, kung saan ang mga mag-aaral mula sa iba't ibang paaralan sa isla ay nagsuot ng

(sundan sa pahina 7)

## Kaligtasan at Kalusugan

### 'Nutrition Caravan' Inilunsad

ni Anna Liza Patingan



Ang kalusugan ng mga empleyado ay mahalagang salik sa moral at pag-asenso ng Kompanya. Sa pagkamit nito, kailangan simulan ang pagtuturo ng pagpapahalaga sa nutrisyon kung saan higit itong kailangan—sa tahanan.

Kaya naman inilunsad ng Occupational Safety and Health Team ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) ang markahang Nutrition Caravan upang turuan ng tuwiran at angkop na kaalaman sa nutrisyon ang mga empleyado at ang kani-kanilang pamilya.

"Mahalaga sa amin na masiguro ang kalusugan ng mga emplyeado. Magdudulot ito 'di lamang ng kasiglahan sa pagtatrabaho, kundi mapapabilis ang kanilang paggaling mula sa sakit at maiiwasan ang pagkakaroon ng malulubhang karamdaman," ani Ms. Anna Liza Patingan, Occupational Safety and Health Nurse.

Unang inilunsad ang programa noong Marso 29-April 1 sa Pinatubo Covered Court sa Barangay Semirara, na dinaluhan ng 293 residente mula sa Lebak, Pinatubo at Kalamansig housing villages. Ang ikalawang yugto ay ginanap noong Hunyo 12-14 sa Area 1 Multi-Purpose Building sa parehong barangay at pinaunlakan ng 264 residente mula sa Molave Phases 1-2 at Extension A at B.

Inimbitahan ng SMPC si Earl Jemson Gaw, isang registered



Isang maybahay ang nagboluntaryong ipakita ang pagluluto ng Squash Malunggay Burger.



Nakisalo ang mga bata sa mga nilutong masusustansyang pagkain sa ginanap na Nutrition Caravan

nutritionist-dietitian mula sa Makati Medical Center, upang magturo ng wastong pagpili ng kakainin at pagbasa ng nutrition label sa mga produktong pagkain.

Nagturo rin si Gaw ng pagluluto ng masusustansyang pagkain gamit ang mga simpleng rekadong

matatagpuan sa isla tulad ng Mais Kamote Inabraw, isang putaheng Ilocano, at Squash Malunggay Burger. Natapos ang pagpupulong sa isang salu-salo ng mga nilutong putahe.

## Kaligtasan at Kalusugan



### Disaster Response Training sa mga Paaralan Isinagawa

ni Marshan Tahum



Ilan sa mga itinuro sa programa ay ang tamang pagsasagawa ng CPR.

Mahigit 400 mag-aaral at guro ang lumahok sa *school-based disaster response training* na pinangunahan ng *Safety Department* ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC).

Ang buong araw na pagsasanay sa *Basic Life Support, Bandaging, Earthquake Drill at Fire Response Drill* ay dinaluhan ng 208 mag-aaral at 12 guro mula sa Villaresis Elementary School noong ika-30 ng Hulyo, habang tinatayang 200 estudyante at mga guro ang sumali sa parehong aktibidad na ginanap noong ika-28 ng Agosto sa Tinogboc National High School (TNHS).

Ayon kay Engr. Arnel Jadormio, *Safety Department Manager*, ipinatutupad ng SMPC ang *safety first policy* hindi lamang sa mga kawani at sa mga lugar ng operasyon nito, pati na rin sa mga katuwang na pamayanan nito.

"Prayoridad ng SMPC ang kaligtasan ng mga empleyado, maging ng mga

residente ng pamayanan na nakapalibot sa minahan. Kaya naman nagsasagawa kami ng mga ganitong uri ng pagsasanay upang magkaroon ng sapat na kahandaan ang lahat sa anumang sakuna, at upang makabuo ng isang matatag na lipunan na 'di



Nagpamahagi ang SMPC Safety Department ng first aid kits at isang 20 lb. fire extinguisher para magamit sa mga paaralan.

matitinag ng anumang likas o artipisyal na panganib," ani Jadormio.

Isinagawa ang mga aktibidad sa pangangasiwa nina Marshan Tahum, *Emergency Preparedness and Response Trainer*; Robert Calinog, *Assistant Safety Trainer*; at Judy Abos.

"Lubos kaming nagpapasalamat sa SMPC sa pagsasagawa ng pagsasanay na ito sapagkat ito ay makadaragdag sa aming kaalaman sa kung paano haharapin ang mga aksidente at sakuna," ani Matea Tampus, *officer-in-charge teacher* ng TNHS.

Nagpamahagi rin ang SMPC ng *first aid kits* at isang *20lb. fire extinguisher* para magamit sa mga paaralan.

Nauna nang isinagawa ng SMPC ang mga pagsasanay sa Semirara National High School, Divine Word School of Semirara Island, Inc., at sa paaralan ng Seventh Day Adventist.

## Komunidad

(mula sa pahina 6) ...'One Great Semirara'

makukulay na kasuotan habang ipinapakita nila ang kulturang Semiraranhon.

Hindi nagpahuli ang mga miyembro ng LGBTQ nang pumarada sila suot ang kanilang mga malikhain kasuotan. Sa unang gabi idinaos ang LGU Night kung saan kinilala ang mga natatang-ing kawani ng Barangay Semirara.

Kinabukasan, idinaos ang karera ng bangka para sa mga mangingisda; "Iaro ng lahi" at *slogan-making contest* para sa mga kabataan; at *motocross competition* malapit sa Semirara airport.

Pagsapit ng hapon, nagkaroon ng *Women's Volleyball Friendship Game* sa pagitan ng mga opisyal ng barangay at empleyado ng SMPC, at *Basketball* naman sa pagitan ng Semirara Miners at MKF Star Icons. Natapos ang ikalawang gabi sa isang engradeng *Bikini Open* at *Foam Party*.

Sa huling araw, nagpamalas ang mga kalahok mula sa iba't ibang paaralan at organisasyon ng kani-kanilang talento sa pagluluto ng lokal na putahe.

Samantala, nagpasiklaban ng talento ang mga residente sa "Semirara Got Talent," na inisponsoran ng iba't ibang mga kontratista sa isla: SMPC, SEMCO, IWMP, DMCI at DMC-CERI. Si Khazandra Ypil ng Divine World School of Semirara Island, Inc. ang nagwagi sa patimpalak at si Mailee Tanteo naman ang hinirang na



Ms. Khazandra Ypil na nanalo sa Semirara Got Talent kasama ang Semirara Barangay Council, Mr. Bong Cadigal and Ms. Margarita Pujol.



[L-R] Hon. Catherine Lim-Tahum, first runner-up Nerhica Abalon, Lin-ay Kang Semirara 2019 Karelle Pablo at second runner-up Crystal Jane Cameros.

kampeon sa *kids edition*.

Sa huling gabi, kinoronahan si Karelle Pablo bilang Lin-ay Kang Semirara 2019. Siya ang magiging kinatawan ng

Semirara sa Tatusan Festival sa Mayo 2020. Sina Nerhica Abalon at Crystal Jane Cameros naman ang pinangalanang *first and second runners-up*.

(mula sa pahina 1) ...SMPC Inilunsad



Pinangunahan nina SMPC President at COO Maria Cristina Consunji-Gotianun, Pavel Hospodarsky at DOE Usec. Donato Marcos ang pagpapalipad ng mga ibon matapos ang tree planting.

Dahil dito, pinaikli sa dalawang taon ng SMPC ang orihinal na plano na 10 taon, at gumugol ng P2.92 bilyon upang mapabilis ang rehabilitasyon mula Enero 2018 hanggang Hunyo 2019.

Sa kabuuang halaga, P1.83 bilyon ang inilaan sa pagbili ng mga *dump trucks*, *excavators*, at iba pang pangsuportang kagamitan. Higit P1 bilyon naman ang ginugol sa gasolina, paggawa at iba pang gastusin.

Mula sa lalim na -260 metro (halos katumbas ng 78-palapag na gusali) noong Enero 2018, naabot ang 0 metro noong Oktubre 2018. Sa pagtatapos ng pagtatambak, umabot sa +11 metro ang pinakamataas na bahagi nito.



Nanguna sa pagtanim si DOE Usec. Donato Marcos sa SMPC South Parian Rehabilitation Area.



Nilahukan ang tree planting ng pamunuan ng SMPC, mga kawani ng DOE, at mga opisyal ng LGU's ng Caluya, Antique.



**SMPC, UPLBFI Nagtutulungang Mapainam ang Pagsubaybay sa Rehabilitasyon**

ni Justine Balbin

Nakipagtulungan ang Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) sa University of the Philippines-Los Baños Foundation Inc. (UPLBFI) upang isulong ang gawaing pagpapanumbalik na may kinalaman sa kapaligiran sa mga katuwang na pamayanan ng Kompanya.

Simula noong Mayo, nagbahagi ng teknikal na tulong ang UPLBFI sa pagsusuri ng *biological diversity* at pagsusukat ng *carbon stocks* sa mga dakong rehabilitasyon ng Kompanya sa Isla ng Semirara sa Caluya, Antique.

"Sa kolaborasyong ito naipapakita natin ang paghahanay ng ating mga layunin sa mga gawaing rehabilitasyon upang masubaybayan ang epekto ng ating operasyon sa mga katuwang na pamayanan," ani Maria Cristina Consunji-Gotianun, *President at Chief Operating Officer* ng SMPC.

Ilan sa mga layunin ng proyekto ang pagsusuri sa *biological diversity*, *ecosystem function* at *vegetation* ng lugar gamit ang *Landscape Function Analysis (LFA)*, upang umayon ito sa *international standards*.

Sinusukat ng *LFA* ang tagumpay ng rehabilitasyon sa mga proyektong gumagambala sa anumang anyong lupa. Layon din ng proyekto na magrekomenda ng mga makabagong pamamaraan ng restorasyon at magsanay ng mga kawani ng Kompanya na magsubaybay at magsuri ng mga gawaing pagpapanumbalik.



Nagbahagi ang mga taga-UPLBFI ng kaalaman ukol sa floral biodiversity



Capacity Building Seminar ng carbon sequestration kasama ang mga participants.



[Seated L-R] SMPC Chairman and CEO Isidro Consunji; SMPC President and COO Maria Cristina Consunji-Gotianun; and UPLBFI Project Head Dr. Rex Cruz

Standing L-R] SMPC Reforestation Head Vicente Lantaca; SMPC Environmental Head Janesto Diaz, Jr.; SMPC ESG Officer Randicris Tibayan; SMPC VP Chief Governance Officer and Compliance Officer Nena Arenas; UPLBFI Asst. Project Leader Dr. Enrique Tolentino, Jr.; Dr. Manuel Castillo; Dr. Dixon Gevaña; and Dr. Patrick Calalo